静岡県立ふじのくに中学校入学者募集要項（タガログ語）

**【 Karagdagang recruitment 】**

**Mga Alituntunin sa Pagpasok sa Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School 2024**

1 **Layunin ng pag-aaral sa Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School**

Ito ay isang paaralan para sa mga hindi nakapagtapos ng elementarya o junior high school dahil sa iba't ibang kadahilanan o mga natapos ng junior high school na halos hindi pumasok sa paaralan. Ito ay isang lugar kung saan mapag-aaralan ang mga pang-akademikong paksa sa junior high school, kaya hindi ka maaaring mag-aral dito para lamang matuto ng wikang Hapon.

2 **Lokasyon ng paaralan**

・ Pangunahing Paaralan sa Iwata

Adres: 1-6-16 Nakaizumi, Iwata-shi, Shizuoka-ken, Ikatlong palapag, Tempyo-no-Machi.

・ Paaralan sa Mishima

Adres: 1-3-93 Bunkyocho, Mishima-shi, Shizuoka-ken

Shizuoka Prefectural Mishima Choryo High School, ika-6 na palapag

* Ang mga klase ay gaganapin ng 5pm~9pm.

3 **Kapasidad**

Tungkol sa 20 mga tao

４ **Mga kwalipikasyon sa pagpasok**

Kailangang matugunan ang lahat ng kondisyon sa ibaba:

・Nakatira sa Lalawigan ng Shizuoka.

・Higit sa 15 taong gulang ng Abril 1, 2024 (mga ipinanganak bago ang Abril 1, 2009).

・Hindi nakapagtapos ng elementarya o junior high school sa Hapon o sa ibang bansa o mga nagtapos sa junior high school nang walang sapat na natutunan.

・Para sa mga dayuhang residente, ang pahintulot sa pamamalagi sa bansang Hapon na nakasaad sa residence kard ay hindi bilang "dayuhang mag-aaral".

※ Ang mga nakapagtapos ng senior high school at kolehiyo ay hindi maaaring pumasok sa paaralan.

5 **Distrito ng paaralan**

Maaaring pumasok ang sinumang naninirahan sa Shizuoka sa alinmang paaralan.

・ Ilalagay ka sa paaralan na pinili mo.

6 **Paraan ng aplikasyon**

・Mangyaring isumite ng personal ang mga kinakailangang dokumento sa Mishima o Iwata campus ng Fujinokuni Junior High School o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo.

・Kung ipapadala sa pamamagitan ng koreo, mangyaring tawagan ang Mishima o Iwata campus ng Fujinokuni Junior High School bago ito ipadala.

・Ipadala ito sa pamamagitan ng rehistradong koreo (*kan-i kakitome*) sa post office.

・Ang gastos sa pagpapadala ng mga dokumento o pamasahe sa pagpunta sa paaralan para mag-sumite ay sasagutin ninyo.

(1) **Panahon ng pagtanggap ng aplikasyon**

Pebrero 5, 2024 (Lunes) hanggang Pebrero 14, 2024 (Biyernes)

A. Kung dadalhin mo ito: 10:45 am hanggang 8:45 pm (Maliban sa Sabado at Linggo)

B. Pagpapadala sa pamamagitan ng koreo: May tatak ng post office na ipinadala ng Pebrero 14, 2024(Biyernes).

(2) **Mga isusumiteng dokumento (kinakailangang dokumento)**

Pakilagay ang mga sumusunod na dokumento mula **A** hanggang **E** sa sobre na A4 ang sukat (*kakugata 2gō*) at idikit ang adres label ng nagpadala sa sobre (pakisulat dito ang iyong pangalan at adres kasama ang postal code). Kapag ipapadala sa pamamagitan ng koreo, dikitan ng selyo na nagkakahalaga ng 490 yen at siguraduhing ipadala ito sa pamamagitan ng rehistradong koreo (*kan-i kakitome*) sa post office.

A. Aplikasyon　(Form Blg. 1-2)

B. Dokumento para sa panayam (Form Blg. 2)

C. Katibayan ng paninirahan (*jūminhyō*) (orihinal at 1 kopya) * Para lamang sa mga mamamayan ng Hapon (Japanese citizen)

・　Inisyu sa loob ng 3 buwan.

・　Mga hindi kailangang isama na detalye sa *jūminhyō.*

(*Honseki*, detalye ng ibang miyembro ng sambahayan, *My number*, kowd ng *jūminhyō,* pinuno ng sambahayan at relasyon sa kanya)

D. Kopya ng residence kard (harap at likod) * Para lamang sa mga dayuhang aplikante

E. Reply envelope (2 sobre)

Idikit ang adres label (isulat ang iyong pangalan, adres at postal code) sa reply envelope at dikitan ng selyo na nagkakahalaga ng 434 yen ang bawat pahabang sobre na may sukat 120mmx235mm (*nagagata 3gō fūtō)*.

Maaaring i-download ang mga dokumento ng aplikasyon at adres label mula sa website ng Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School.

Maaari ding makakuha ng aplikasyon sa *Gimukyōiku-ka* ng Board of Education ng Shizuoka, Tempyo no Machi (3F) at sa Mishima Choryo High School (６F).

(3) **Pagbabago ng tirahan**

Kung lilipat ng tirahan pagkatapos mag-sumite ng aplikasyon para makapasok sa paaralan, mangyaring makipag-ugnayan agad sa Fujinokuni Junior High School sa pamamagitan ng telepono o e-mail. (Maaari mo ring ipagbigay-alam ito sa aming website. Pumunta sa "Pagtatanong" sa loob ng website ng Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School.)

7 **Panayam/Interview**

(1) **Lugar na pagdadausan ng panayam**

Pangunahing Paaralan sa Iwata o silid aralan sa Mishima Choryo High School ng Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School

(2) **Paraan at nilalaman ng panayam**

Kukumpirmahin namin ang iyong kwalipikasyon sa pagpasok at tatanungin ang iyong mga layunin pagkatapos mag-aral sa loob ng 20 minuto.

(3) **Araw ng panayam**

・Pebrero 26 (Lunes), Pebrero 27 (Martes), Pebrero 28 (Miyerkules),at Pebrero 29(Huwebes), 2024

・Ang lugar at petsa ng panayam ay ipapaalam sa pamamagitan ng koreo ng Fujinokuni Junior High School sa Pebrero 19, 2024 (Lunes).

・Kung hindi ka makakarating sa araw ng panayam, tawagan ang Fujinokuni Junior High School hanggang Pebrero 22 (Huwebes), 2024 at hilingin na palitan ang iskedyul ng iyong panayam.

Oras na maaaring tumawag: 10:45 am hanggang 8:45 pm

8 **Pagpapasiya ng mga papasok na estudyante**

Pagpapasyahan ang mga papasok na estudyante pagkatapos makumpirma ang kwalipikasyon sa isinumiteng dokumento at panayam.

(1) **Abiso ng resulta**

Ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa Marso 13, 2024(Miyerkules).

(2) **Pagkumpirma ng kagustuhan na pumasok**

・Ang mga kinilalang may kwalipikasyon para sa pagpasok na pinadalhan ng abiso sa resulta ng panayam ay dapat sagutan ang kalakip na dokumento ng kumpirmasyon ng intensyon sa pagpasok (Form Blg. 3). Mangyaring dalhin ito sa Fujinokuni Junior High School o ipadala sa pamamagitan ng koreo.

・Kung ipapadala sa pamamagitan ng koreo, mangyaring tawagan ang paaralan bago ito ipadala. Tiyakin na ipadala ito sa pamamagitan ng rehistradong koreo (*kan-i kakitome*).

・Ang gastusin sa pag-sumite nito ng personal o halaga sa pagpapadala sa pamamagitan ng koreo ay inyong sasagutin.

・Panahon ng pagtanggap: Mula sa petsa ng abiso sa resulta ng panayam hanggang Marso 22, 2024 (Biyernes)

A. Kung dadalhin mo ito: 10:45 am hanggang 8:45 pm, Lunes hanggang Biyernes

B. Kapag koreo: Ipadala ito sa post office hanggang Marso 22, 2024(Biyernes).

・Kung hindi mo ito ma-isumite hanggang Marso 22 (Biyernes), hindi ka maaaring pumasok sa paaralan.

(3) **Pagpapadala ng pahintulot sa pagpasok**

- Isang sulat ng pahintulot sa pagpasok ang ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa mga nagsumite ng kumpirmasyon ng kanilang intensyon sa pagpasok sa Marso 26, 2024 (Martes).

9 **Pag-urong sa pagpasok sa paaralan**

Kung nais mong umurong sa pag-enroll pagkatapos mong isumite ang kumpirmasyon sa pagpasok dahil sa di-maiiwasang kadahilanan, mangyaring isumite agad ang abiso sa pag-urong sa pagpasok (Form No. 4) sa Fujinokuni Junior High School.

10 **Pagsasaalang-alang para sa mga aplikanteng may kapansanan**

Kung ikaw ay may kapansanan at nais bigyan ng konsiderasyon sa panayam, isulat ito sa dokumento para sa panayam (Form Blg. 2) sa ika-5 tanong "5. Nais ipaalam sa paaralan at inaalalang mga bagay sa pagpasok sa paaralan at dahilan nito" .

11 **Hakbang kapag nagpahayag ang Japan Meteorological Agency ng "Pansamantalang Impormasyon sa Lindol sa Nankai Trough Earthquake (kasalukuyang iniimbestigahan)"**

(1) Kapag inihayag bago ang petsa ng panayam

Alamin ang pinakabagong balita tungkol sa lindol sa TV, radyo o smartphone. Gayundin, sumangguni sa website ng Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School at sundin ang tagubilin na nakasulat dito.

(2) Kapag inihayag sa araw ng panayam

- Walang panayam na gaganapin. Mangyaring sundin ang gabay ng nagpapalakad ng panayam at lumikas sa ligtas na lugar.
- Mangyaring sundin ang mga tagubilin nakasulat sa "Paunawa" sa website ng Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School tungkol sa pagsasagawa muli ng proseso sa pagpasok.

12 **Para sa katanungan**

(1) ***Gimukyōiku-ka*, Board of Education ng Shizuoka**

Adres: 9-6 Otemachi, Aoi-ku, Shizuoka-shi 420-8601
(Shizuoka Prefectural Office, West Building, ika-7 na palapag)
Telepono: (054) 221-3106
Fax: (054) 221-3558
Email adres: kyoui_gimu@pref.shizuoka.lg.jp

(2) Fujinokuni Junior High School Iwata Campus

Adres: 3F Tempyo no Machi, 1-6-16 Nakaizumi, Iwata-shi 438-0078
Telepono: (0538)37-3003
Fax: (0538)37-7000
Email adres: fujinokuni-j@edu.pref.shizuoka.jp

(3) Fujinokuni Junior High School Mishima Campus

Adres: 6F Mishima Choryo High School, 1-3-93 Bunkyocho, Mishima-shi 411-0033
Telepono: (055)986-3003
Fax: (055)986-3700
Email adres: fujinokuni-j@edu.pref.shizuoka.jp

Website ng Shizuoka Prefectural Fujinokuni Junior High School
https://fujinokuni-jhs.jp